

Recent Filipino Books from The Philippines – Jan 2024

Mary Martin Booksellers Pte Ltd
Blk 231, Bain Street
#03-05, Bras Basah Complex
Singapore 180231
Tel : +65-6883-2284/6883-2204
info@marymartin.com
www.marymartin.com

Literature

Kembang Kertas: Mga Binalaybay = Mga Tula / John Iremil Teodoro
Quezon, Pilipinas: Ateneo de Manila University Press, 2023
xvi, 180p.
9786214482955

1. Bisayan poetry.
2. Bisayan poetry – History and criticism.
3. Philippines – Poetry

\$ 18.00 / PB
285gm.

Bilang koleksiyon ng mga binalaybay, kinatha ang Kembang Kertas sa mga paglalakbay ni John Iremil Teodoro sa Mindanao at ilang bahagi ng Timog-Silangang Asya. Kalakip ang mga sariling saling-Filipino, pinagbubuklod ng mga tula sa koleksiyong ito ang mga wika at danas na Filipino, bago tuluyang iniugnay sa mayamang sining at kulturang pinagsasaluhan ng mga bansang Aseano. Hakbang ang aklat na ito tungo sa mas bukás at masaklaw na wikang pambansa.

<http://www.marymartin.com/web?pid=861211>

Materyales sa Komplisidad / Amado Anthony G. Mendoza III
The Philippine Writers Series 2023
Quezon City, Philippines: The University of the Philippines Press, 2023
xxvi, 242p.
9786210900293

1. Filipino fiction – History and criticism.
2. Philippine literature – Filipino authors.
3. Political fiction.
4. Philippines – Politics and government – Fiction.

\$ 22.00 / PB
405gm.

Kabahaging katalogo ng mga tekstong bakas ng paninikluhod sa harap ng kapangyarihan, kabahaging pagsapantaha ng mga reaksiyonaryong kaayusang pampanitikan, ang Materyales sa Komplisidad ay isang napapanahong pagmumuni hinggil sa komplisidad ng panitikan sa mga puwersa at institusyong nais pangibabawan ang ating buhay at imahinasyon.

<http://www.marymartin.com/web?pid=861212>

Bata, Hiwaga, Bansa: Paman ani Rene O. Villanueva sa Panitikang Pambata / Eugene Y. Evasco,
Cheeno Marlo M. Sayuno, Mga Editor
Quezon City, Philippines: The University of the Philippines Press, 2023
xxii, 322p.

9786210900309

1. Villanueva, Rene O. – Authorship.
2. Children’s literature, Philippine – History and criticism.
3. Child authors – Philippines.

\$ 30.00 / PB
485gm.

“Isa kang magandang regalo sa mga bata.” Ibinalik ko kay Rene O. Villanueva (ROV) ang mga katagang ito nang mismong isulat niya ito bilang dedikasyon sa akin para sa aking kopya ng libro niyang 12 Kuwentong Pamasko. At bakit hindi ko sasabihin ‘yon gayong nag-alay siya sa bata at bayan ng marikit na kuwentong pambata na nagtatampok sa galing, talino, at kakayahan ng batang Pilipino. Hitik sa danas, drama, at hiwaga ang buhay ni ROV kaya makulay ang kaniyang naging panulat. Masisilip natin ito sa mga pagsusuri at pagtalakay na ginawa ng iba’t ibang manunulat sa aklat na ito. Heto na ang Bata, Hiwaga, Bansa na maingat na sininop ng dalawa ring mahuhusay na manunulat pambata na sina Dr. Eugene Evasco at Dr. Cheeno Marlo Sayuno.

Nang minsang maging panauhin ko si ROV sa aking programang pang-storytelling sa radyo, at may binasa kaming isang mapangahas niyang kuwento, biniro ko siya: “Lagot ka kapag pinag-aralan ng susunod na henerasyon ang iyong mga akda!” Humagalpak siya ng tawa. Iyong klase ng halakhak na para bang nakaisa! Maaari ngang tinatawanan tayo ni ROV ngayon. Pero pihadong halakhak ito ng pasasalamat sa mga batang nagbasa ng kaniyang mga aklat at sa mga taong nagpahalaga sa kaniyang mayamang kontribusyon sa makabatang kamalayan—sa mundo man ng telebisyon o sa panitikan.

Sa isang panahong ipinaghehele tayo ng barkadahan nina Cinderella, may isang ROV na nangahas na aliwin ang mga bata sa pamamagitan ng kaniyang mga kuwentong Pinoy na Pinoy ang dating. Pihadong sasabihin niya sa atin, “Kayo talaga, kinuwentuhan ko lang naman ang batang si Rene sa loob ko, ang batang si Rene na maagang namatay dahil sa mapapait na realidad ng kaniyang buhay! E nagkataong nagustuhan n’yo ang mga salaysay ko! E di salamat!”

Hindi natin dapat limutin si Rene. Salamat sa pagdating ng aklat na ito na ipinagbubunyi ang pambihirang kontribusyon ni Rene O. Villanueva sa panitikan mula sa lente ng mga taong naimpluwensiyahan ng kaniyang panulat. May pagkakataon na ang mga Gen Z (at ang marami pang henerasyon ng mga batang mambabasa) na makilala ang isa sa mga haligi ng panitikang pambata sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga sanaysay at pag-aaral na ginawa sa kaniya.

Sapagkat walang kamatayan ang isang Rene O. Villanueva!

<http://www.marymartin.com/web?pid=861213>

Hubad Ester Tapia: Cebuano to English / (Translation by) Merlie M. Alunan

The Philippine Translators Series 2021

Quezon City, Philippines: The University of the Philippines Press, 2023

xxii, 134p.

9786210900101

1. Cebuano poetry – Translation into English.
2. Philippine poetry (English)

In Filipino & English

\$ 25.00 / PB

245gm.

Alam ng makatang si Ms. Ester Tapia na ang koleksiyon ng tula ay materyal. Bayan, bata, tahanan, sarili. Puno, pakpak ng ibon, anino. Panaginip, ihi, hagulhol ng habag, pag-aamot ng tulong, isang ngiti. Napupulbos at pupulbusin din ng panahon. Naisasatitik, ngunit maaaring makalimutan o hindi marinig. Sumasandig siya sa pananalig na ito’y mahalagang ambag sa mga tinig ng ating kapuluan, sa tinig ng punong tinutukoy natin bilang panitikan. Kaya sinusuong ng pagsasalin ni Merlie Alunan ang mga salita ni Ester Tapia, upang matikman at malasap natin ang tamis ng katas

ng karanasang nabuo sa talas ng pandama at lalim ng pagmamalay. Kalaunan, mapapatunayan ng koleksiyon ang birtud ng pagiging hubad, ngunit balot din sa talinghaga. Para sa akin, ang pagtukoy sa mga bagay at pagpapangalan mismo ng karanasan ay mahalagang punyal ng makata. Para sa akin, ang tapang ng tula’y hindi lang sa pagsambit ng pagtutol o daing, dahil ang mga ito’y maaari ding maging mekanikal at tinatahi, kinakabig ng may-hawak na Kamay. Sa paglalathala ng koleksiyon na ito, napapatunayang konsentriko ang mga singsing ng edad ng puno kapag nag-abala tayong ugatin iyon. Gaya ng pagsasaysay ng mga makata sa iba pang wika sa arkipelago, nakaguguhit iyon ng balangkas, at nagsasabi ng direksiyon kung paano uunawain, at bago pa natin mamalayan, nagmimistulang susi na pala sa ating paanan, upang buksan ang espasyo at hangin na pinupulso. Dahil ang tula, sa anumang wika, ay umuuwi rin sa konsepto ng balak: mahiwaga dahil hindi tinuturolo nang hayagan, matalas at humahaplit sa diwa dahil umaandar ang talinghaga sa wikang kinilala, nakilala, at patuloy na kikilalanin, sa walang humpay na pagsisino ng tao at pagbuburador ng pagkatao.

— Luna Sicat-Cleto, manunulat, Unibersidad ng Pilipinas

I began reading this with some apprehension—will the gut-level, skin-tight language of Ester’s poetry, a Binisaya I grew up with, translate into the language of Merlie’s heartbreakingly beautiful poetry in English? O but I could not put the volume down. This was a delight both pure and profound. The aching familiarity, the jolts of recognition, the captivation at the irreducibility of meaning in words like bus-ok or kiwaw nga pahiyom or tinapak-tapakang sinina. And that dance, that magical dance of a poem in between two languages—when English just needs to say Simbako lang! and you let the spectre of a bisayang-daku at a train station in Hamburg, frolic at the “turnpike of memory and forgetting.”

— MARIA CRISTINA JUAN, writer and academic at SOAS, University of London

Ester Tapia’s book of poetry Hubad is a wonderful reminder of the richness and complexity of the Cebuano language. Sometimes her poems are playful; sometimes they are serious; often they conjure mysterious images. In all cases, her poems weave images, emotion, and music together; and they are strung in a flawless and satisfying way. Merlie Alunan’s English translation of Tapia’s Cebuano poetry gifts non-Cebuano readers the privilege of peering and experiencing this poet’s Cebuano mind and sensibilities.

— Cecilia manguerra Brainard, novelist, *When the Rainbow Goddess Wept*, *Magdalena*, and *The Newspaper Widow*

<http://www.marymartin.com/web?pid=861214>

Angel Magahum Benjamin / John E. Barrios, Fennie Mae. Tanangonan, MGA Tagasalin

Quezon City, Philippines, The University of the Philippines, 2023

xlii, 342p.

9786210900095

The Philippine Translators Series 2021

1. Novel, Filipino.
2. Novel, Filipino – Translation from Hiligaynon.
3. Novel, Hiligaynon.

\$ 30.00 / PB

545gm.

Mabigat ang nakaatang na pagkilala sa nobelang Benjamin. Ito ay sa kadahilanang ito ang “unang nobela” na isinulat sa wikang Hiligaynon at nagbigay ng karangalang-banggit kay Angel Magahum bilang “Ama ng Nobelang Ilonggo” (Father of the Ilongo Novel). Pinalawak pa nga ito ni Resil Mojares nang ibansag niya rito ang “unang Bisayanong nobela” (first Visayan novel) para hakupin pa ang ibang mga isla sa mga rehiyon ng Bisayas. Nalathala ito noong 1907, ngunit sinimulan itong

isulat ni Magahum noon pang 1894. Bilang nobela, taglay nito ang mga katangian ng isang ejemplo at kronika. Ngunit sa pangkabuuan, ito rin ay maituturing na isang aklat ng wastong gawi (book of conduct) sa pagkakapasaloob sa nobela ng mga didaktikong naratibo. Matatawag itong isang kalibúgan o hybrid.

Si Angel Magahum ay tubong Molo sa lungsod ng Iloilo. Kinilala siya hindi lang bilang isang nobelista ngunit bilang sarsuwelista at kompositor din. Sa katunayan, ang pagsikat ng sarsuwela sa lungsod ng Iloilo noong unang dekada ng siglo 20 ang nagtulak sa kanya na pansamantalang iwan ang pagsusulat ng nobela at lumipat sa pagsusulat ng sarsuwela. Anak siya nina Ignacio Magahum at Simplicia Merle, kapwa negosyante ng mga telang sinamay at jusi. Nag-aral at nakapagtapos si Magahum ng bachiller en artes sa Seminario de San Vicente de Paul. Nagtrabaho siya bilang klerk at guro ng wikang Espanyol at musika. Naging editor, tagasalin, at peryodista rin siya ng mga pahayagan tulad ng Almanaque Panayanhon, Kabuhi sang Banwa, El Adalid, El Debate, at Makinaugalingon. Maliban sa nobelang Benjamin (1907), kinatha rin niya ang mga nobelang Isa ca Bihag (Ang Bihag, 1920), Palaabuton (Hinaharap, 1934), at Gugma kag Kabuhi (Pag-ibig at Buhay, 1934).

—Mula sa Introduksiyon ni John E. Barrios

<http://www.marymartin.com/web?pid=861216>

Anti-Katha Agos Sa Experimental Na Kuwento Sa Pilipinas / Rolando B. Tolentino, Rommel B. Rodriguez, Mga Editor

Quezon City, Philippines: The University of the Philippines Press, 2023

viii, 378p.

9786210900132

The Philippine Writers Series 2023

1. Short stories, Filipino.
2. Experimental fiction, Filipino.
3. Philippine literature – Social aspects.
4. Authors, Filipino – 21st century – Literary collections.
5. Philippine literature – History and criticism.

\$ 30.00 / PB

565gm.

Paano kung ang pagkatha ay tumaliwas sa pagbuo at sumuong sa dekonstruksiyon kundi man pagwasak ng estruktura ng naratibo at ng mga nakasanayang anyo at kahulugan?

Paano kung ang pagkatha ay lampas na sa paglikha ng nakasanayang anyo at pumalaot na sa pagsanib ng iba't ibang teksto at kontekstong panlipunan, pangkasaysayan, at pangmodernidad? Maaari ba nating baguhin ang anyo at proseso ng pagkatha—panulat at pagbasa—upang lampasan ang mga nakatakda nang mga pamantayan, tulad ng ang maikling kuwento ay anyong pampanitikan o kultural?

Narito ang naiibang koleksiyon ng mga experimental na kuwentong tumatalunton sa iba't ibang paksa, panahon, espasyo, at anyo. Narito ang mga kathang nagsasanib at nagtitilad ng mga nakasanayan nating daloy ng naratibo. Hinahamon ng bawat kuwento at ng buong koleksiyon kung paano lalampasan ang nakasanayan at gahum ng panulat at paglikha.

Narito na ang mga kathang anti-katha. Mga kuwentong nagsisiwalat ng kapangyarihan ng malikhaing kaisipan, posibilidad, at layong politikal ng manunulat. Dahil ang pagbasa ay pagkatha rin, lumilikha ang resepsiyon ng mga experimental na kuwento ng mga bago ring kapangyarihan sa mambabasa.

<http://www.marymartin.com/web?pid=861217>

Lumalabay Nga Daw Aso: Isang Pagsasalin Sa Mga, Katutubong Awit Ng Tatlong, Etnolingguwistikong Pangkat, Ng Romblon: Asi, Onhan, At Ini / Sherwin M. Perlas

The Philippine Translators Series 2021

Quezon City, Philippines: The University of the Philippines Press, 2023

L, 158p.

9786210900200

1. Folk songs, Romblomanon – Translations into English.
2. Folk songs – Philippines – Romblon.
3. Romblon (Philippines: Province) – History.
4. Romblon (Philippines: Province) – Civilization.

\$ 28.00 / PB

315gm.

Sa pagkalap, pagsasalin, at ngayon ay paglalathala ng mga katutubong awit ng tatlong etnolingguwistikong pangkat ng Romblon, talagang nagtagumpay si Sherwin Magracia Montesa Perlas na maipakilala sa labas ng kaniyang mahal na isla ang oral na tradisyon ng kaniyang bayan. Mangyari’y higit na nakatampok ang pansin sa mga pangunahing wika ang larang ng panitikan sa kasalukuyan at nakakubli ang mga wikang gaya ng Así, Onhan, at Iní. Matiyagang kinolekta ng iskolar mula sa taumbayang nagtataglay ng yamang pampanitikan, ang ngayon lamang matutunghayan na mga awiting bayan. Mapaghawan ang librong ito sapagkat lumilipat ang tradisyon mula sa pabigkas at paawit patungo sa nakalimbag na inaasahang bubuhay ng pagtataguyod mula sa bagong mambabasa. Isang mapagkukunan ng materyal para sa araling nagpapahalaga sa literaturang bahagi ng pambansang kultura.

—Romulo P. Baquiran Jr.

Guro at manunulat

Isang monumental na pagpapakilala at pagpapatunay ang proyektong ito ni Sherwin M. Perlas sa yamang wika at haraya ng Romblon. Sa piniling paraan niya ng pagsasalin sa Filipino ng mga katutubong awit mula sa tatlong etnolingguwistikong pangkat—Así, Onhan, at Iní—lalo pang matutuklasan natin ang lawak at lalim ng ating mga katutubo’t pambansang sarili. Sa gayon, sadyang hindi usok lamang ang mga bagay-bagay sa sanlibutan. Ang naglahong pag-ibig at gandang pumait ay paulit-ulit na maaawit sa laging nakalaan at naghihintay na dibdib.

—Michael M. Coroza Propesor, Kagawaran ng Filipino

Pamantasang Ateneo de Manila

Mahalagang ambag sa larang ng pagsasalin at kultural na pag-aaral ang tinipong mga awit na ito ni Sherwin Perlas mula sa tatlong etnolingguwistikong pangkat ng Así, Onhan, at Iní ng Romblon. Sa panahong hinahamon ang mga mamamayan ng himok o utos na ibigin ang lupang sinilangan, ang payak at tapat na katotohanan sa mga damdaming inihahayag ng mga katutubo ay nag-uugnay sa salimuot ng lungsod at teknolohiya sa mundo at panahong hindi pa rin ligtas sa sakit at pagkabigo, pangungulila, pananaghoy, o pag-aasam. Ang pagtunghay sa mga awit, ang pagbigkas sa salin, ang tahimik na pakikinig sa maiikling taludtod ay esensiyal na buntonghininga sa gitna ng iba’t ibang mukha ng pagtatalusira ng kapangyarihan laban sa walang kapangyarihan, ng mga lumilisan at nananatili sa lupang sinilangan at pinanahanan, ng mga sumusumpa ng walang maliw na pag-ibig—nakatingala sa mga bituin—at sumusumpa dahil hindi iyon maapuhap, may nakaligta, may hindi nakatupad ng sumpa. Sa aklat ay matutunghayan ang pagsasalin bilang paraan, proseso, pagpapasiya, pagtitimbang: May pinagmumulan ang mga imahen at salita, at may pinatutunguhan: maaaring dalawang punay sa bugnay, ahay, maaaring lumalábay na asó, maaaring ang sinisintang si Inday, maaaring kabuyong, maaaring higad na hindi gumagapang, maaaring bukid ngunit hindi patag. Ang ganitong pagsisikap ay di matatawarang bahagi ng kabuuan, sa tawag mang panitikang pambansa, o pambansang panitikan. May higit pa sa marmol na kayamanan ang Romblon, at ito ang kaniyang sa wakas ay nalathalang katutubong panitikan.

—Rebecca T. Añonuevo

Makata, guro, at kritiko

<http://www.marymartin.com/web?pid=861219>

Mga Buhay Na Apoy: Breath of Fire / Kanakan Balintagos
Davao City, Philippines, Pawikan Press, 2023
120p.
9786219630177
In Filipino & English
\$ 22.00 / PB
165gm.
<http://www.marymartin.com/web?pid=861220>
